# Estratehiya ng Victoria laban sa rasismo 2024–2029

## SA ISANG SULYAP

Ang unang pambuong pamahalaang estratehiya ng Victoria laban sa rasismo ay isang **5-taon na plano upang matigil ang rasismo at diskriminasyon** sa Victoria.

Sa pamamagitan ng pagtutulungan, maaari tayong bumuo ng mas makatarungan at mas ligtas na Victoria kung saan nararamdaman ng lahat na sila ay kasama.

## Ano ang rasismo?

Ang rasismo ay isang uri ng diskriminasyon kung saan ang mga tao ay tinatrato nang hindi makatarungan dahil sa kanilang lahi o etnisidad. Maaaring kabilang dito ang pang-aabuso sa salita, pagbubukod, o hindi pagkakaroon ng parehong access o oportunidad na gaya ng iba.

Ang rasismo ay maaaring mangyari sa maraming paraan. Ang estratehiyang ito ay nakatuon sa pagtugon sa rasismo sa:

- komunidad
- mga organisasyon at institusyon
- mga batas, patakaran, at sistema.

## Ang aming bisyon

Isang Victoria na walang rasismo at diskriminasyon, kung saan ang lahat ng mga taga-Victoria ay tumatamasa ng pantay na mga karapatan, kalayaan, at proteksyon, at umuunlad sa mga ligtas, mapagkalinga, at masuportang mga komunidad.

**Ang estratehiya ay may 4 na layunin para bawasan ang rasismo at diskriminasyon sa Victoria**

### Layunin 1.

**Ang mga rasistang saloobin, pag-uugali, at paniniwala ay tinutukoy, hinahamon, at tinatanggihan**

### Layunin 2.

**Ang mga serbisyong pampamahalaan at mga lugar ng trabaho ay ligtas, maa-access, at hindi nagdidiskrimina**

### Layunin 3.

**Ang rasismo at diskriminasyon ay hindi na hadlang sa pakikilahok, pag-unlad, kaligtasan, at tagumpay sa lahat ng sektor.**

### Layunin 4.

**Ang mga tao na dumaranas ng rasismo ay tumatanggap ng angkop at ligtas sa kulturang mga serbisyo at suporta.**

## Pagpapatupad ng bisyon

Ang estratehiya laban sa rasismo ay:

- maglunsad ng kampanya sa buong estado upang tumugon sa rasismo sa **mga isport sa komunidad**
- sumuporta **sa mga aksyong pinamumunuan ng komunidad** upang labanan ang rasismo sa lokal na antas
- palakasin **ang mga proteksyon at batas** laban sa mapanirang pananalita at pag-uugali
- pagbutihin ang paraan ng **pagtugon ng mga organisasyong namamahala sa mga reklamo hinggil sa mga ulat ng rasismo**
- babawasan ang rasismo at diskriminasyon **sa pagpapatupad ng batas**
- paunlarin kung paano pinipigilan at tinutugunan ng **mga tagapag-empleyo at organisasyon** ang rasismo
- sumuporta sa **mga lokal na network na lumalaban sa rasismo** para sa mga taong nakaranas ng rasismo.

Susukatin namin ang epekto ng estratehiya sa pagbabawas ng rasismo at iuulat sa komunidad ang aming progreso.

VICTORIA State Government


# Bakit natin kailangan ang estratehiyang ito

Ang mga taga-Victoria ay nagmula sa mahigit

**300 na iba't ibang lahi**

nagsasalita ng **290 na wika at diyalekto**

sumusunod sa halos **200 na iba't ibang mga pananampalataya**



**30%** **ng mga taga-Victoria ang ipinanganak sa ibang bansa**



**8%** **ng mga First Peoples ng Australya ay nakatira sa Victoria**

## Kanino kami nakipag-usap



Nakakuha kami ng mga pahayag mula sa mahigit **670 na mga taga-Victoria mula sa mga First peoples, mga komunidad na magkakaiba-ibang kultura at relihiyon**. Kasama rito ang mga lider ng komunidad, mga eksperto, at mga manggagawang nasa frontline.

**Noong 2022**, **3 sa 5 First Peoples (60%)** ang nag-ulat na **dumaranas ng rasismo sa Australya**



**Noong 2023**, **1 sa 5 tao (18%)** ang nag-ulat na **dumaranas ng rasismo sa Australya**



**3 sa 5 Australyano (63%)** ay may **negatibong pananaw sa isa o mahigit pang mga grupo ng migrante** mula sa Asya, Africa o Middle East o sa mga hindi Kristiyanong relihiyon



**3 sa 5 Australyano (62%)** ay itinuturing ang rasismo bilang isang **'napaka laki' o 'medyo malaking' problema**



**Ang kakulangan sa impormasyon at tiwala ng komunidad sa mga serbisyo ay maaaring mangahulugang ng hindi pag-uulat ng lahat ng rasismo.**

## Pag-uulat ng rasismo sa Victoria



Hindi dapat palampasin ninuman ang rasismo. Kung ikaw ay dumaranas o nakasaksi ng rasismo o diskriminasyon sa Victoria, maaari mo itong isumbong.

**Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad at Karapatang Pantao sa Victoria**

Tumawag sa 1300 292 153 sa mga araw ng trabaho mula 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon. Kung kailangan mo ng libreng serbisyo ng interpreter, tumawag sa 1300 152 494.

Email **enquiries@veohrc.vic.gov.au**

Gumawa ng **di-pormal na ulat sa online** <https://www.humanrights.vic.gov.au/get-help/community-reporting-tool/>.

**Kontakin ang National Relay Service** <https://www.humanrights.vic.gov.au/get-help/contact-us/>.

**Pulisya ng Victoria**

Sa emerhensiya, para isumbong ang krimen na nagaganap, o para sa agarang pagpunta ng pulis, tumawag sa Triple Zero (000).

Para sa mga hindi emerhensiya, tumawag sa Police Assistance Line sa 131 444 o tumawag sa 131 450 para sa libreng serbisyo ng interpreter.

Maaari kang magsumbong sa iyong lokal na himpilan ng pulisya o **online** <https://www.police.vic.gov.au/police-assistance-line-and-online-reporting>.

Maaari kang magsumbong nang hindi nagpapakilala sa Crime Stoppers sa 1800 333 000 o <www.crimestoppers.com.au>.

**Para sa karagdagang suporta at mga opsyon sa pagsusumbong**, mangyaring bisitahin ang website ng **estratehiya laban sa rasismo (anti-racism strategy) ng Victoria** <https://vic.gov.au/victorias-anti-racism-strategy>

## Karagdagang impormasyon

Maaari mong mabasa ang buong estratehiya o ang buod na ito sa maraming iba't ibang wika sa **online** <https://vic.gov.au/victorias-anti-racism-strategy>.
Maaari mo ring tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS) sa 131 450 at tawagan ang Department of Premier and Cabinet sa 03 9651 5111 para sa karagdagang impormasyon, o mag-email sa **Department of Premier and Cabinet**. <antiracism.strategy@dpc.vic.gov.au>

Pinahintulutan at inilathala ng Pamahalaan ng Victoria, 1 Treasury Place, Melbourne.

© State of Victoria, Australia, Department of Premier and Cabinet, Nobyembre 2024.
ISBN 978-1-923294-28-8 (online/PDF/Word) o (print)

Makukuha sa **estratehiya laban sa rasismo ng Victoria 2024-2029** <https://vic.gov.au/victorias-anti-racism-strategy>

Inilimbag ng insert printing company name, suburb (insert design job number in brackets)